IJMERI

Volume 04 Issue 01 | February 2026 Article 11

E- ISSN: 2980-4760
P- ISSN: 2980-4752

ORIGINAL ARTICLE

# Ang mga Dokumentaryo ni Kara David: Isang Pagsusuri

# The Documentary of Kara David: An Analysis

**Aljean M. Piquero**[1]

[1]*Student, Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, Philippines*

Corresponding Author's Email: piquerojean02@gmail.com




## ABSTRAK

Ang pananaliksik ay may layuninng suriin ang nilalaman ng mga piling dokumentaryo ni Kara David at tukuyin ang mga mode ng dokumentaryo na kanyang ginamit bilang midyum ng paghahatid ng mensahe at layunin. Gumamit ng corpus-based na diskarte, isang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, na sumuri sa 40 na piling dokumentaryo ni Kara David. Ang mga dokumentaryo ay sinuri gamit ang anim na mode ng dokumentaryo ni Bill Nichols na expository, participatory, reflexive, observational, poetic, at performative at ang pitong language functions ni Halliday na instrumental, regulatory, interactional, personal, heuristic, imaginative, at representational. Ang mga resulta ay nagpakita ng paggamit ni Kara David ng iba't-ibang mode at language functions, na nagpapakita ng kanyang malawak na kasanayan sa pagkukwento at ang kanyang kakayahang lumikha ng mga dokumentaryo na hindi lamang nagbibigay-impormasyon kundi nag-uudyok din ng damdamin at pagkilos. Ang pag-aaral ay nagtatapos sa mga implikasyon nito sa edukasyon at mga rekomendasyon para sa pananaliksik sa hinaharap. Ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang mga dokumentaryo ni Kara David ay mabisang gumagamit ng ibat ibang documentary modesgaya ng expository, participatory, observational, reflexive, poetic, at performativeupang maipahayag hindi lamang ang katotohanan kundi pati ang masalimuot na karanasan ng mga mamamayan sa lipunan. Kaakibat nito, ang wika ay hindi lamang daluyan ng impormasyon kundi isang makapangyarihang kasangkapan ng komunikasyon na tumutugon sa pitong tungkulin ng wika na inilahad ni Halliday; instrumental, regulatory, interactional, personal, heuristic, imaginative, at informative.

***Mga Susing Salita:*** *Documentary, Corpus-Based Analysis, Documentary Representation, Systemic Functional Language, Qualitative design*

## ABSTRACT

This study aims to analyze the content and identify the documentary modes used by Kara David in her selected works. It employed a corpus-based approach, a qualitative research design, which examined forty (40) selected documentaries by Kara David. These documentaries were analyzed using Bill Nichols' six documentary modes expository, participatory, reflexive, observational, poetic, and performative and Halliday's seven



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

language functions: instrumental, regulatory, interactional, personal, heuristic, imaginative, and representational. The findings revealed Kara David's use of various modes and language functions, showcasing her extensive storytelling skills and her ability to produce documentaries that not only inform but also evoke emotions and inspire action. This research concludes by discussing its implications in education and offering recommendations for future research. It affirms that Kara David's documentaries effectively utilize various documentary modes such as expository, participatory, observational, reflexive, poetic, and performative to present not only facts but also the complex lived experiences of people in society. Alongside this, language is shown not merely as a medium of information, but as a powerful tool of communication that fulfills the seven language functions identified by M.A.K Halliday: *Instrumental, Regulatory, interactional, personal, heuristic, imaginative, and informative.*

***Keywords:*** *Documentary, Documentary Mode, Systemic Functional Language, Corpus-based Analysis*

**Recommended Citation**

Piquero, A. (2026). Investigating the Critical Reading Strategies of Elementary Education Students in a Local College: A Mixed- method Study. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 4*(1), 213-235.

## INTRODUKSYON

Ayon sa Internasyonal na pag-aaral partikular na sa bansang United Arab Emirates (UAE), noong mga nakaraang dekada nagkaroon ng pag-aalinlangan at pag-aalala tungkol sa kanilang reputasyon at imahe sapagkat ang kanluraning midya ay nagpapakita at naghahatid sa mga manonood ng maling impormasyon. Bukod dito, madalas sa kanilang ipinapalabas sa telebisyon partikular na sa midyang pang-aliw gaya ng dokumentaryo ay may negatibong paghihikayat na nagpakita ng may kinikilingan at dimensyonal na naglalarawan ng maling mensahe at layunin sa larangan ng mass media sa paghahatid ng mgahahalagang impormasyon(Rahman, 2024).

Sa Pilipinas, Laganap ang pagkalat ng maling impormasyon sa telebisyon na siyang naaabot ng maraming manonood. Isa ang sosyal midya sa madalas na sangkot dito ay ang pangmadlang midya na mga kasinungalingan na sadyang nagtataguyod ng ilang mga ideolohiya na maaaring magdulot ng kalituhan at kawalan ng tiwala sa publiko. Ang pagkalat ng maling impormasyon ay lalong mapanganib para sa demokrasyang mapagtalakayan dahil binabawasan nito ang tunay at mapagtalakayanna talakayan at maaaring makaapekto sa tunay na mensahe at layunin ng pangmadlang midya lalo na sa balita. Ang mga indibidwal na mamamahayag at mga kumpanya ng midya ay mahina rin sa maling impormasyon, dahil sila ay parami ng parami ang inakusahan na nagkakalat ng maling impormasyon mismo (Sy, 2021).

Ang pag-aaral ng mga dokumentaryo ay naghihikayat sa mga manonood na mag-isip ng kritikal at magtanong ng mga katanungan na nagbibigay-daan sa kanila na bumuo ng kanilang sariling mga pananaw at hindi basta-basta tanggapin ang mga impormasyon na ipinakita sa kanila. Higit pa rito, ang mga dokumentaryo ay may kakayahang magtaas ng kamalayan sa mga isyung panlipunan na madalas na hindi napapansin o hindi nabibigyan ng pansin, at nagbibigay ng plataporma para sa mga hindi gaanong naririnig na boses at pananaw. Sa konteksto ni Kara David, ang pag-aaral na ito ay magiging mahalagang maunawaan kung paano niya inihahanda ang mensahe at layunin ng kwento sa mga manonood na walang bahid ng panlilinlang at pawang katotohanan lamang. Bukod dito, makatutulong ang pag-aaral sa pagtingin sa mga mode ng dokumentaryo na lumitaw sa dokumentaryo at kinalakipan

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

ng pagtingin sa pangunahing papel ng dokumentaryo sa paghubog mensahe at layunin ng mga natatanging dokumentaryo ni Kara David.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Kwalitatibong disenyo na ginamit sa kasalukuyang pag-aaral. Gumamit ang mananaliksik na ito ng husay at diskarte na nakabatay sa mga dokumentaryo gamit ang mga hakbang sa pagsusuri nakakita ang mananaliksik ng (40) na korpura na kanyang gagamit sa pananaliksik. Sa partikular, ang paggamit corpus-Based Analysis ang ginamit na daan sa pag-analisa sa datos. Ginawa ito para tukuyin ang mga moda, mensahe at layunin ng isang dokumentaryo na mababanaag sa mga dukyo ni Kara David. Ang kwalitatibong pananaliksik ay tumutumpok sa gawaing pagsisiyasat, pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga puna na may layuning makatuklas ng batayang kahulugan at disenyo ng ugnayan, kabilang na ang mga klasipikasyon ng uri ng mga pangyayari at entidad, na hindi naisasama ang mga pamamaraang pangmatematika (Torida 2016).

### Materyal ng Pananaliksik

Ang korporang ginamit sa pag-aaral ay ang mga piling dokumentaryo ni Kara David (2026). Ang mga napiling dokumentaryo ay nakuha sa *YouTube* channel ng *GMA public Affairs* na binubuo ng karamihang koleksyon ng kanyang mga nagawang dokumentaryo. Kilala si Kara David bilang isang tanyag na mamamahayag at dokumentarista sa Pilipinas. Ang kanyang mga gawa ay nagbigay ng mahalagang ambag sa larangan ng midya, partikular sa paglikha ng mga dokumentaryo na naglalahad ng mga isyu at kwento ng mga ordinaryong Pilipino. Bukod dito, ang kanyang husay sa pagsulat ng mga dokumentaryo ay nagbigay daan sa kanya upang maging isang tanyag na *scriptwriter*,na nagkaroon ng mahalagang ambag sa pagsulong ng sining ng pelikula at telebisyon sa Pilipinas.

Kaugnay rito, ginamit ng mananaliksik ang *purposive sampling technique* sa pagpili ng mga *online* bidyo ginamit sa pagkuha ng datos, batay sa mga pamantayan at kaangkupan ng bidyo bilang korpora ng pag-aaral. Ang *purposive sampling technique* ay isang paraan ng partikular na pagpili ng mga kasangkapan para sa datos dahil sa mga katangian na taglay nito. Ito ay hindi isang random na pamamaraan ng pagpili at hindi nangangailangan ng batayang teorya o nakatalagang bilang ng kalahok. Sa madaling salita, ang mananaliksik ang nagdedesisyon kung paano at ano ang magiging batayan sa paghahanap ng mga mapagkukunan ng datos (Patton, 2002).

Bilang tugon sa sampling technique na ginamit sa pag-aaral, ang mananaliksik ay bumuo ng mga pamantayan upang matiyak na ang mga tekstong gagamitin ay angkop sa layunin ng pananaliksik. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling technique, isang angkop na pamamaraan sapagkat may tiyak na pokus ang pananaliksik. Sa pagpili ng mga dokumentaryo bilang pangunahing korpus, isinasaalang-alang ang mga sumusunod na pamantayan: una, ang akda ay dapat isang dokumentaryo. Pangalawa, ito ay tungkol sa mga likha ni Kara David; at pangatlo, ang mga dokumentaryo ay kinakailangang nagtataglay ng mga katangian o temang may kaugnayan sa paksa ng pag-aaral. Layunin ng mananaliksik na masuri ang mga kahulugan ng mga salita sa isang uri ng akdang pang-impormasyon, partikular na sa dokumentaryo. Ang mga pamantayang ito ay naging batayan sa masusing pagpili ng mga materyales at nagsilbing gabay sa pagsasagawa ng metodolohiya ng pag-aaral.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

### Pag-aanalisa ng Datos

Ang kwalitatibo na pananaliksik, ang pagsusuri ng data ay tinukoy bilang ang proseso ng pagaanalisa sa mga salita at ang paghahanap ng mga istruktura, iba pang maaring magamit ng mananaliksik upang madagdagan ang pag-unawa sa diskurso. Samakatuwid, ang mananaliksik ay nangangailangan ng malalim na pagsusuri sa hilaw na datos sa pamamagitan ng pamamahala, pagsama-sama para sa mga pattern at pagtalakay sa mahahalagang detalye (Wong, 2008)

Una, ang pangongolekta ng datos ay sumailalim sa proseso ng pagkuha ng mga dokumentaryo ni Kara David, para ito ay maging materyales, ginamit ng mananaliksik ang social media platform para makakita ang mga kopya ng mga dokyu ni David. Pangalawa, upang matukoy ang mga documentary mode at matapos ang masusing pagsusuri ng nakalap na datos, natukoy ang pangunahing mensahe at layunin ng dokumentaryo, na sinuri ang paggamit ng mga moda ng dokumentaryo. Samakatuwid, ang transparency nito sa paraan ng pagsusuri sa wika ay pagpapalalim sa pananaliksik na ito kung saan ang mga datos sa kalagayang panlipunan at plataporma ay magkatugmang naipahayag.

## RESULTA AT DISKUSYON

**Unang Katanungan sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga mode na ginamit ni Kara David sa kanyang mga dokumentaryo?**

Sa bahaging ito ng manuskripto ay nakalimbag ang mga mode ng dokumentaryo sa 40 na mga dokumentaryo ni Kara David. Ang mga dokumentaryong ito ay ginamit na sa masining paraan. Bukod dito, ang mga dokumentaryong nakalap na kinakikitaan ng moda ng dokumentaryo o *documentary mode* sa ingles ay mula sa awtor na si Bill Nichols (1990) na siyang nagsilbing hanguan ng korpora ng pananaliksik.

Kaugnay rito, mababanaag na kapag gumamit ng iba'tibang mode ng dokumentaryo ang isang *filmmaker* o ang isang journalist sa paggawa ng *documentary film* ay nakakapagbibigay ito ng kamalayan sa layunin ng dokumentaryo gaya ng adbokasya, empatiya, at edukasyon. At higit sa lahat maunawaan kung paano hinubog ng isa *filmmaker* ang pag-iisip ng manunuod. Sa pamamagitan nito, nagiging malalim na pananaw ang pagtingin natin sa dokumentaryo bilang isang midyum ng panlipunang pagbabago. Ipinakikita nito na ang dokumentaryo ay hindi lamang pagsasalaysay ng katotohanan, kundi isang sining na may kakayahang humubog ng kaisipan, magmulat ng damdamin, at makapagbigay ng adbokasiya. Kaugnay nito, ang bawat talahanayan sa pag-aaral ay naglalahad ng mga mode ng dokumentaryo na matatagpuan sa mga obra ni Kara David. Ang mga ito ay sinusuri at sinusuportahan ng teoryang ginamit sa pananaliksik upang maipakita kung paano naging mabisa, makabuluhan, at makatotohanan ang paglalahad ng mga isyung tinalakay sa kanyang mga dokumentaryo.

Ang bawat Talahanayan ay nagsisilbing patunay ng sistematikong pagsusuri sa mga *mode* ng dokumentaryo na ginamit sa mga akda ni Kara David. Ang mga ito ay sinuri batay sa mga prinsipyo ng teoryang ginamit, upang mapatunayang epektibo, makabuluhan, at makatotohanan ang paglalahad ng mga isyung panlipunan sa pamamagitan ng dokumentaryo.

Inilalahad sa Talahanayan kung ano-ano ang mga mode ng dokumentaryo na nakapaloob sa mga gawa ni Kara David na makikita sa 40 na dokumentaryo at pati na rin ang pangunahing ideya ng mga nakalap na bahagi ng dokumentaryo ayon sa estratehiya nito. Ang proseso ayon estratehiya sa pagbuo ng mga

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

dokumentaryo na natagpuan sa pampilikulang dokumentaryo ay ang sumusunod*: expository, participatory, Reflexive, observational, poetic, at performative*

**Talahanayan 1.** Mode ng Dokumentaryo na Ginamit sa Dokumentaryo ni Kara David

| Mode | Mga Halimbawang Dokumentaryo | Paglalarawan |
|---|---|---|
| *Expository* | "Patay sa Tagay" **(DKD_10)**<br>"Isang Banyerang Isda" **(DKD_16)**<br>"Hindi Bulag ang Puso" **(DKD_14)** | Ang tatlong dokumentaryong ito ay nagpapakita ng direktang pagpapaliwag sa mga kaganapan sa buhay ng taong tampok sa kwento. Malinaw ang pagkakahati ng bawat tanong kaya't malinaw na nagbibigay tulong ng kinapanayam. Ang malinaw at direktang pagsasalaysay ng dokumentarista ay isang elemento Ng *expository mode*, ito'y nakakapagbigay ng impormasyon na tatatak sa isip ng manonood. Ang bidyo ay may layuning maipaunawa sa mga tagapanuod ang kwento na may sapat na ebidensya at impormasyon na hindi personal na kuro-kuro. |
| *Participatory* | "Mga Guro ng Malining" **(DKD_32)**<br>"Langoy Marco" (**DKD_13)** | Ang mode ng dokumentaryo na participatory ay mababanaag sa bawat eksena sa kwento. Ang aktibong *interaction* ng *filmmaker* sa mga *subject* kagaya ng pagsama sa paglalakad, makipag-usap ay element ng mode na *participatory*. Dominante sa kwento ang pakikisama ng filmmaker sa mga tao at ito'y nagpapakita ng kanyang reaksyon o impluwensya sa mga pangyayari. |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| *Reflexive* | "Mga Alagang Peste" **(DKD_26)**<br>Paglipas ng Perya" **(DKD_30)**<br>"Tuyom" **(DKD_40)** | Ang mode na reflexive ay makikita sa iilang eksena sa kwento. Hayag na ipinapakita ang reaksyon ng mga taong dinodokumento at nagpapakita ng kanyang papel bilang mamamahayag at tagalahad ng kuwento. Isa sa elemento ng *reflexive mode* ay nakikita kung paano ginagawa ang kwento. May mga eksenang nakikita ang anino ng mga taga hawak ng kamera kung saan makikita kung paano nila kinukunan ang mga pangyayari. |
| *Observational* | "Walang Maiiwan" **(DKD_25)**<br>"Pag-asa sa Pagbasa" **(DKD_35)**<br>"Teacher Annie" **(DKD_17)**<br>"Uuwi na si Udong" **(DKD_29)** | Ang mga dokumentaryong ito ay nagpapakita ng *observational mode*. Natural na ipinapakita sa dokumentaryo ang pang araw-araw na gawain ng subject na walang ano mang pagpapakikialam ng filmmaker, madalas *long shot at close up* ang ipinapakita ng camera upang mas mailabas ang tunay na kwento. |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | “Hinabing Pag-asa” **(DKD_12)** | |
| *Poetic* | “Ang Misteryo ng Kamhantik” **(DKD_19)** | Sa tatlong bidyong pinanood makikita pagkamalikhain ng mga *filmmaker*. Madalas *montage* ang ginagawang pamamaraan ng mga tagahawak ng kamera, naglalarawan ng malalim na emosyon at nagpapakita ng simbolismo, na nagpapahintulot sa mga manunuod na makaramdam at makapagmuni-muni sa tema ng pag-asa, kasaysayan at pakikibaka sa buhay. |
| | “Kalye Impyerno” **(DKD_09)** | |
| | “Futbol” **(DKD_04)** | |
| *Performative* | “Airborne” **(DKD_03)** | Sa mga dokumentaryong ito *performative mode* ang pangunahing estratehiya sa pagbuo ng kwento. Ginagawa ng *filmmaker* ang kadalasang gawain ng mga taong tampok sa kwento. Nagpapakita din ito ng mga sitwasyon na ginaganapan ng *filmmaker* na angkop para sa pagganap sa aksyon. |
| | “Inukit ng Pamana” **(DKD_24)** | |

Inilahad sa talahanayan 1 ang mga mode ng dokumentaryo na siyang makikita sa mga dokumentaryo ni Kara David gamit ang *mode* g dokumentaryo na mga estratehiya mula sa 40 na korpora na nakalap sa pananaliksik. Ang mga natuklasang mode ng dokumentaryo na mga bahagi sa mga *expository, participatory, observational, reflexive, poetic* at *performative.*

***Expository***

Ang *expository mode* ay isang tradisyunal at maimpluwensyang paraan ng paggawa ng dokumentaryo na naglalayong magpaliwanag, magturo, o mangumbinsi sa pamamagitan ng malinaw at organisadong presentasyon. Ginagamit ito para sa mga dokumentaryong may malakas na mensahe, gaya ng pang-edukasyon, politikal, o panlipunan.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Kaugnay rito, makikita sa halimbawa na nasa ibaba na ang pagsusuring ginawa sa halimbawang dokumentaryo ang DKD_10 na kung saan ay direktang nagpapakita ng expository mode, na tumutukoy sa isang uri ng tradisyunal na paraan sa pagkuha ng isang kwento. Tumatalakay sa isyu ng *methanol poisoning* na sanhi ng maling paggawa ng lambanog. Nagsimula ito sa personal na kuwento ng magkakapatid na biktima ng lason, na nagbigay ng emosyonal na ugnayan sa manonood. Mula sa kwentong ito, pinalawak ang talakayan patungo sa sanhi, epekto, at mga hakbang upang maiwasan ang *methanol contamination*. Gumamit ng mapagkakatiwalaang sanggunian tulad ng testimonya, panayam, at siyentipikong paliwanag upang suportahan ang mga impormasyon. Sa tulong ng biswal, musika, at malinaw na presentasyon, naging madali para sa manonood na maunawaan ang komplikadong isyung ito. Sa huli, matagumpay nitong ipabatid ang kahalagahan ng kaalaman at aksyon upang maiwasan ang kaparehong trahedya.

"Patay sa Tagay" (DKD_10)

Dagdag pa, makikita rin dokumentaryong DKD_16 na nasa ibaba na ang pagsusuri ay nakabatay sa *expository mode* na mga katangian ng isang dokumentaryo. Ang pamamaraang ito ay kilala sa paggamit ng awtoritatibong pagsasalaysay, lohikal na istruktura, at pagbibigay ng katotohanan upang magbahagi ng kaalaman sa manonood. Mismong sa unang pahayag "Isinilang sa dagat ang kanilang mga munting pangarap" ay mababakas na ang pangunahing tema ang buhay ng mga mangingisda at kanilang pamilya ay lubos na nakatali sa karagatan. Sa pamamagitan ng *voice-over*, panayam, at aktwal na kuha, malinaw na naipakita ang ugnayan ng kahirapan, child labor, at ilegal na pangingisda. Itinatampok ang kuwento ni Biboy, isang batang napilitang huminto sa pag-aaral upang tumulong sa ama, at ng kanyang kapatid na si Jimboy na hindi na ipagamot dahil sa kawalan ng pinansyal. Sa kabuuan, ang dokumentaryo ay naging epektibong adbokasiya para sa pagbibigay solusyon sa suliraning panlipunan ng mga mangingisda.

"Isang Banyerang Isda" (DKD_16)

Sa pangatlong halimbawang dokumentaryong DKD_14 na kung saan mababanaag ang *expository mode* na naglalayong magbahagi ng mahahalagang impormasyon at magbigay liwanag sa buhay ng mga batang bulag sa Northern Luzon Association for the Blind (NLAB). Ito ay malinaw na makikita sa organisadong paglalahad ng mga katotohanan at istorya sa pamamagitan ng kombinasyon ng awtoritatibong *voice-over narration*, mga personal na interbyu, at observational nakuha ng kamera. Gumamit ito ng konkretong halimbawa, estadistika, at emosyonal na kwentong personal mula sa mga estudyante at guro upang palalimin ang pag-unawa ng manonood. Ipinakita rin ang araw-araw na gawain ng mga estudyante mula sa paggamit ng Braille hanggang sa gawaing bahay bilang patunay sa kanilang kakayahan. Sa pagtatapos, binigyang diin ang mga pangarap at tagumpay ng mga mag-aaral, na naghatid ng mensahe ng pag-asa at inspirasyon. Ang dokumentaryo ay naging isang makapangyarihang halimbawa ng ekspositori na pamamaraan, na hindi lamang nagbibigay-kaalaman kundi nagtutulak rin ng positibong pagbabago sa lipunan.

"Hindi Bulag ang Pag-ibig" (DKD_14)

***Participatory Mode***

Sa mode na ito, ang presensya ng direktor ay hayagang nakikita nagtatanong, sumasali sa mga eksena, o magiging bahagi ng pag-unlad ng naratibo. Ang layunin nito ay ipakita ang intersubhetibong katotohanan kung paano nabuo ang kwento sa pakikipag-ugnayan ng *filmmaker* at paksa o taong tampo sa kwento, na nagbibigay ng mas malalim at mas personal na perspektibo kaysa sa tradisyonal na pag-uulat.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Inilahad sa dokumentaryong DKD_32 ang hayag na paggamit ng *participatory mode* kung saan aktibong lumahok si Kara David sa buhay ng mga gurong nagtuturo sa liblib na lugar. Sa limbawang dokyu na nasa ibaba pinakita ang kanilang pagtawid sa ilog, pag-akyat ng bundok, at pagbibitbit ng gamit, na nagsilbing patunay ng kanilang sakripisyo. Sa pakikipag-ugnayan ni Kara, gaya ng pagtatanong kay Teacher Grace tungkol sa kalungkutan, nabigyang-lalim ang damdaming nais iparating. Sa halip na simpleng ulat, naging mas malapit at makabuluhan ang karanasan para sa manonood. Ang eksenang may baha, ingay, at paghingi ng tulong ay nagpapadama ng hirap sa mga guro. Ang Mga mensaheng emosyonal ay hindi lamang nagkukwento, kundi isinasabuhay mismo ang karanasan na nagpapalalim sa katotohanang nais iparating ng dokumentaryo.

"Mga Guro ng Malining"(*DKD_32)*

Higit pa rito, makikita sa ibaba ang dokumentaryong DKD_13 nagpapakita ng istilong pakikipag-ugnay. Ang dokumentaryong ito ay tumatalakay sa buhay ni Marco, isang batang manlalangoy na ipinanganak na may kapansanan. Gamit ang participatory mode, binibigyang-diin nito ang aktibong papel ni Marco sa kanyang sariling kwento hindi bilang biktima, kundi bilang isang taong may boses, pagpili, at determinasyon. Sa tulong ng kanyang tagapagsanay, pamilya, at komunidad, ipinakita ang sama-samang pagsisikap sa likod ng kanyang tagumpay. Hindi itinago ang kanyang pagkatalo, sa halip ay naging inspirasyon ang kanyang katatagan. Ang kanyang kwento ay paalala ng pag-asa, pagtanggap, at suporta ng lipunan sa mga katulad niya na may kakayahang magtagumpay sa kabila ng hamon.

" Langoy Marco" (DKD_13)"

Dagdag rito, Sa dokumentaryong DKD_26 hindi isang tagamasid si Kara David kundi aktibong kalahok sa mga kuwentong kanyang isinisiwalat. Ipinakita ang kanyang pakikisama sa mga residente ng Vitas, kabilang ang pagtulog sa abandonadong unit at pagkain ng adobong daga sa Isabela, bilang patunay ng kanyang pakikilahok at pag-unawa sa kanilang realidad. Ang paggamit niya ng personal na narasyon at mga tanong, tulad ng "Sino nga ba ang tunay na marumi?", ito ay nagdadala sa manonood sa mas malalim na pagninilay. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan at totoo ang dokumentaryo, na hindi lamang nanonood ang publiko, kundi pakikibahagi rin sa isyung tinalakay.

"Mga Alagang Peste"(DKD_26)

***Reflexive Mode***

Ang *reflexive mode* ng dokumentaryo ay isang estilo kung saan ang filmmaker ay hayagang nagpapakita ng kanilang sariling paglahok, perspektiba, o proseso sa paggawa ng pelikula, upang ipakita na ang dokumentaryo ay isang konstruksyon at hindi obhetibong representasyon ng katotohanan. Ginagamit nito ang mga teknik tulad ng *voice-over*, pagpapakita ng kamera o krew, o pagtalakay sa mga desisyon sa likod ng pelikula. Layunin nitong ipaalam sa manonood na may bias, pagpili, at interpretasyon sa likod ng dokumentaryo.

Inilahad sa dokumentaryong DKD_30 ang estilong *reflexive mode* dahil hayagang ipinakita ni Kara David ang kanyang personal na pakikilahok at damdamin bilang mamamahayag. Sa paggamit ng voice-over na narasyon, ibinahagi niya ang kanyang karanasan noong 1997 at ang pag-aalinlangan sa epekto ng kanyang ulat sa mga taong tampok sa dokumentaryo. Ipinakita rin ang proseso ng pagsasaliksik at ang mga limitasyon ng kanyang kaalaman, gaya ng pag-amin na hindi niya alam kung nasaan na si Zurica. Sa ganitong paraan, ipinapakita ng dokumentaryo na ito ay hindi ganap na obhetibo, kundi isang personal at tapat na paglalakbay ng *filmmaker* sa pagtuklas ng katotohanan.

"Paglipas ng Perya"(DKD_30)

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Bukod dito, makikita rin sa ibabang bahagi ang dokumentaryo DKD_40 na malinaw na halimbawa ng *reflexive mode*, kung saan hayagang ipinapakita ang presensya, emosyon at pananaw ng *filmmaker*. Sa halip na manatiling tagamasid, aktibong nakikilahok si Kara David sa daloy ng kuwento sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga bata tulad ni Karlo, gamit ang personal at emosyonal na tanong. Ang kanyang mga pahayag sa narasyon ay nagpapakita ng sariling interpretasyon, gaya ng obserbasyong si Karlo ay "parang matanda kung magsalita," na sumasalamin sa damdaming kaakibat ng dokumentarista sa isyu. Pati ang mga detalye ng pag-edit tulad ng pagbibigay pansin sa hirap, pagod, at panginginig ng mga bata ay nagpapakita ng intensyong ipadama ang karanasan hindi lang sa pamamagitan ng datos, kundi sa empatiya. Sa ganitong paraan, binibigyang-diin ng dokumentaryo na ang katotohanang inilalahad ay hindi ganap na obhetibo, kundi hinubog ng aktibong pakikisalamuha at damdamin ng mismong tagagawa ng pelikula.

"Tuyom"(DKD_40)

Dagdag pa, dominante sa pangatlong halimbawa na dokumentaryo na DKD_24 na nasa gawing ibaba ang estilong *reflexive mode* na nagpapakita ng mga katangian nito. Naririnig ang boses ng filmmaker at nakikita ang kamera bilang bahagi ng naratibo, halimbawa nito ay sa pagtatanong gaya ng "bakit ka absent?" na naghihimok ng paliwanang. Pinapakita rin ang inensiyon ng kamera sa mga eksenang nakatutukok sa kahirapan tulad ng puik at sirang tsinelas. Nakikipag-ugnayan din ang mga taong tampok sa kwento gaya ni sir Jun, na nagpapakita ng papel bilang isang guro. Sa huli, ito ay may layuning gisingin ang damdamin at pananaw ng manonood tungkol sa edukasyon at kahirapan.

"Walang Maiiwan" (DKD_24)

***Observational Mode***

Isang estilo ng dokumentaryo na naglalayong ipakita ang mga pangyayari sa totoong buhay sa paraang hindi nakikialam o pakikibahagi ng *filmmaker*. Layunin nitong maging tagamasid lamang sa mga kaganapan. Layunin ng *observational mode* na hayaang ang manonood mismo ang magbuo ng interpretasyon mula sa mga nasaksihan, nang walang gabay o opinyon mula sa tagadokumento. Ito ay pangunahing pamamaraan ng dokumentaryo na nagpapakita ng mas obhetibong pagtingin sa realidad.

Inilalahad sa dokumentaryong DKD_35 ang paggamit ng *observational mode*. Isa sa mga katangian na ito ang ang hindi paggamit ng *voice over narration* sa alip hinahayaan ang mga taong nasa kwento at pangyayari ang magsalita para sa kanilang sarili. Ang natural na tunog at musika mula sa kapaligiran ay pagpapalalim sa realismong ipinapakita. Habang ang kawalan ng interbyu at direktang interaksyon ng tagadokumento ay nagpapakita ng layuning "*Fly on the wall*". Itinatampok ang mga ordinaryong sandal sa silid-aralan, gaya ng paggamit ng mikroskopyo,  pagtuturo ng alpabeto at usapan ng guro at mga estudyante, lahat ay kinunan ng minimal na panghihimasok. Ito ay nagpapakita ng realidad ng walang artipisyal na dramatisasyon na siyang nagpalaim sa pagkaunawa ng manonood sa tunay na kalagayan ng edukasyon.

"Pag-asa sa Pagbasa" (DKD_35)

Bukod dito, inilahad din sa ibaba ang dokumentaryong DKD_17 na nagpapakita ng estilong *observational mode* kung saan ang filmmaker ay tahimik na nagmamasid sa mga pangyayari nang walang direktang pakikialam. Makikita ito sa natural na daloy ng mga eksena tulad ng pagtuturo ni Teacher Annie sa mga estudyanteng Mangyan at ang buhay ni Dina, isang batang nag-aaral habang nagtatrabaho at nag-aalaga sa kanyang ina. Walang narasyon o interbyu sa halip, ginamit ang natural na tunog at *long takes* upang maipakita ang katotohanan ng kanilang buhay. Sa ganitong estilo, hinayaan ng dokumentaryo na

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

magsalita ang mga eksena mismo, na nagdulot ng mas malalim na emosyon at mas makatotohanang pag-unawa sa mga hamon at pag-asa ng kanilang komunidad.

“Teacher Annie” (DKD_17)

Ipinapakita ng dokumentaryong DKD_29 na nasa ibaba ang paggamit ng *observational mode* sa paraang tahimik ngunit matindi ang emosyon. Mayroong simpleng detalye gaya ng paghingal, katahimikan, at pawisang likod ng mga batang sakada ang nagsisilbing salaysay. Sa halip na direktang ipaliwanag ang isyu ng *child labor*, ipinakita ito sa pamamagitan ng natural at hindi pinakikialamang eksena ng kanilang araw-araw na buhay. Ang estilo ng kuha ay parang magnanakaw ng sandal tulad ng mga kamay na pagod, paa sa putik, at ngiting puno ng pangarap. Sa ganitong paraan, nagiging boses ang dokumentaryo ng mga batang madalas ay hindi naririnig. Hindi ito nagsusumbat o nagtuturo kundi nagpaparamdam.

“Uuwi na si Udong” (DKD_29)

***Poetic mode***

Ang *poetic mode* ay isang estilo ng dokumentaryo na higit na nakatuon **sa** sining, simbolismo**,** at emosyon kaysa sa tuwirang pagsasalaysay ng mga datos o impormasyon. Gumagamit ito ng malikhaing pag-edit**,** musika**,** at mga biswal na elemento upang lumikha ng damdaming lalampas sa literal na pagpapakahulugan. Layunin nitong pukawin ang pagmumuni-muni ng manonood at ipadama ang karanasan sa **mas** metaporikal at sistematikong paraan**.**

Inilalarawan sa dokumentaryong DKD_12, na nasa ibabang bahagi ng pag-aaral na ito, ang paggamit ng poetic mode sa pagbibigay-diin sa emosyon at simbolismo bilang kasangkapan sa masining na pagsasalaysay. Ipinakikita sa dokumentaryong ito ang estilong mas nakatuon sa damdamin, simbolismo, at malikhaing presentasyon ng realidad. Ang dokumentaryo ay gumamit ng poetikong estilo upang ilarawan ang trahedya at pagbangon ng Marawi na hindi lamang bilang isang ulat sa digmaan kundi bilang awit ng pagdadalamhati at pag-asa. Sa pamamagitan ng simbolikong landap, wasak na moske, at mga personal na salaysay gaya ni Nanay Kalima, ipinapakita ang tibay ng kultura at pananampalataya ng mga Maranao. Ang bawat hibla, dasal, at alaala ay naging anyong paglaban, habang ang pagkawasak at muling pagbangon ay hinabi sa isang makapangyarihang naratibo ng dignidad at pagkakakilanlan.

"Hinabing Pag-asa"(DKD_12)

Inilahad din sa dokumentaryo na DKD_19 na nasa ibaba ang maggamit ng *poetic mode* na nakatuon sa emosyon, simbolismo, at musikal na ritmo, imbes na tuwirang pagbibigay ng impormasyon. Ginamit ang tula, imahe, at metapora upang pukawin ang damdamin, gaya ng paglalarawan sa kagubatan bilang “laberinto ng kasaysayan” at ang paulit-ulit na motibo ng tubig, bato, at libingan. Ang mga personal na reaksyon at tanong ay nagbibigay ng perspektibong tono, habang ang mga detalyeng arkeolohiya ay inilahad bilang bahagi ng isang mas malawak at misteryosong naratibo ng kultura at kalikasan.

" Ang Misteryo Ng Kamhantik" (DKD_19)

Dagdag pa, ang dokumentaryo DKD_09 na nasa ibaba ay gumamit ng *poetic mode*, na nakatuon sa simbolismo, emosyon, at makataong paglalarawan upang ipakita ang kontrast ng madilim na nakaraan at pag-asa sa kasalukuyan. Ang mismong pangalan ng lugar ay naging metapora ng pagbabago, habang ang mga alaala ni Renato at tagumpay ni Katrina ay nagsilbing mga simbolo ng pagkawala ng inosente at muling pagbangon. Sa halip na tuwirang ulat, ipinakita ang kasaysayan ng lugar sa paraang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

makadamdamin kung saan ang dilim at liwanag ay nagtutunggalian ngunit pag-asa ang nangingibabaw sa dulo. Sa huli, ipinapakita ng estilong *poetic mode* na sa gitna ng trauma at kasaysayan, laging may puwang ang pag-asa.

"Kalye Impyerno"(DKD_09)

***Performative Mode***

Ang performative mode ng dokumentaryo ay isang makapangyarihang istilo ng paglalahad na naglalayong magbahagi ng karanasan at emosyon sa halip na magbigay lamang ng malamig na katotohanan. Ang mode na ito ay nakatuon sa personal na perspektibo, emosyonal na katapatan, at subhektibong katotohanan, kung saan ang *filmmaker* at mga paksa ay aktibong lumahok sa pagbuo ng kahulugan. Katangian ng *performative mode* ang pagbibigay-diin sa subjektibong karanasan, kung saan ginagamit ang personal na kwento, emosyon, at simbolismo upang iparamdam sa manonood ang realidad ng mga paksa.

Ang dokumentaryong DKD_04 na nasa ibaba ay gumamit ng *performative mode* upang iparamdam sa manonood ang emosyonal at personal na paglalakbay ng mga batang Aeta mula sa Porac Football Club. Sa pamamagitan ng dramatikong musika, tunog ng palakpak at tapat na pahayag mula sa mga kalahok, nilikha nito ang isang makapangyarihang koneksyon sa manonood. Itinatampok ang mga eksenang tulad ng *penalty Shootout*, paglalaro ng nakayapak, at determinadong mukha ng mga bata upang ipakita ang kanilang katatagan sa kabila ng kakulangan sa kagamitan. Ang naratibong istilo ni Kara David bilang saksi ay nagdadala ng malalim na pakikiramay sa mga manonood. Hindi ipinakita ang mga bata bilang biktima ng kahirapan kundi bilang matatag at nagkakaisang indibidwal na lumalaban sa sistematikong hamon ng lipunan. Sa paggamit ng unang personang pahayag, simbolismo, at hindi inaasahang mga sandali gaya ng pagkasugat ni Bana, naging makabuluhang sosyal na kumentaryo ang dokumentaryo na higt pa sa karaniwang pag-uulat. Ito ay isang buhay na patunay sa tibay at pangarap ng mga batang Aeta.

“Futbol” (DKD_04)

Bukod dito, ang DKD_03 na isa pang dokumentaryo ni Kara David na makikita sa ibaba ay gumamit ng estilong *performative mode*. Ipinaranas ng dokumentaryong ito sa manonood ang matinding emosyon, sakripisyo, at panganib ng *airborne operations*. Hindi ito nakatuon sa impersonal na paglalahad ng datos kundi sa subhetibong karanasan ng mga kalahok gaya ng paulit-ulit na pagkabigo ni Airman Serafines, pisikal na hirap ng pagsasanay at ang personal na pagsubok ni Kara David sa *skydiving*. Ipinapakita ang mga realidad sa pamamagitan ng tao, katawan, at emosyon, tulad ng nanginginig na pahayag ng isang sundalo tungkol sa panganib ng kanilang tungkulin kapalit ng mababang sahod. Ang mga simbolikong elemento gaya ng mabibigat na parachute, paulit-ulit na pagbibilang bago tumalon, at ingay ng hangin ay ginagamit upang madama ng manonood ang tensyon at takot. Ang direktang emosyonal na pakikilahok ni Kara David ay nagpapalalim pa sa epekto ng pelikula, nilalampasan ang tradisyunal na dokumentaryo. Pinatitibay ng *performative mode* ang temang sakripisyo, patriotism, at ginagawang personal at makapangyarihan ang karanasan ng panonood.

" Airborne" (DKD_03)

Higit pa rito, sa ibaba makikita ang dokumentaryong DKD_24 na gumamit ng *performative mode* upang ipakita ang emosyonal na paglalakbay ni Pio Fadul, isang dating tanyag na mang-uukit mula Paete na ngayo’y dumaranas ng kahirapan at mental health issues. Sa halip na simpleng pag-uulat, inilubog ang manonood sa kanyang personal na karanasan sa pamamagitan ng simbolikong mga ukit, ingay ng

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

kasangkapan, at pakikipag-ugnayan ni Kara David. Ipinapakita rin nito ang tensyon sa pagitan ng yaman ng sining at hirap ng mga alagad nito. Sa ganitong paraan, naging damdamin at pamana ng sining, hindi lang produkto ng likha kundi salamin ng pagkatao at pakikibaka.

"Inukit na Pamana" (DKD_24)

**Ikawang katanungan sa pananaliksik: Ano-ano ang pangunahing mensahe at layunin na ipinahayag sa sa mga dokumentaryo ni Kara David?**

Ang teoryang ginamit sa pagsusuri ng mga mensahe at layunin ng mga dokumentaryo ni Kara David ay ang *Systemic Functional Linguistics* (SFL) ni Michael Halliday (1973). Ayon sa teoryang ito, ang wika ay may pitong *domenya* ng gamit: *instrumental, regulatory, interactional, personal, heuristic, imaginative, at representational.* Ang bawat domenya ay nakatuon sa tiyak na tungkulin ng wika sa lipunan kaya't naging angkop ito sa pagsusuri ng mga dokumentaryo ni Kara David. Sa pamamagitan ng SFL, nasuri ang mas malalim na kahulugan at intensyon ng mga mensahe sa mga dokumentaryo, pati na rin ang kanilang implikasyong panlipunan. Ipinapakita nito kung paano ginagamit ang wika upang maipahayag ang adbokasiya, makabuo ng empatiya, at magmulat ng kamalayan sa mga isyung tinalakay ng mga dokumentaryo.

Sa pamamagitan ng SFL, naipapakita kung paano ginagamit ni Kara David ang wika upang magpahayag ng impormasyon, mag-udyok ng damdamin, at makipag-ugnayan sa manonood. Ang dokumentaryo ay midyum ng diskurso na nakakaapekto sa kamalayan at pananaw ng mga tao hinggil sa mga isyung panlipunan. Sa paggamit ng iba't ibang *domenya* ng wika, nagkakaroon ng mas malinaw na ugnayan sa pagitan ng nilalaman ng dokumentaryo at ng layunin nito. Ang mga pahayag ng tagapagsalaysay, panayam, at biswal na elemento ay nagsisilbing daluyan upang maipadama ang mensahe sa emosyonal at intelektwal na antas.

**Talahanayan 2.** Paggamit ng *Language Function*

| ***Language Function*** | ***Sipi mula sa Halimbawang Korpora*** | **Pagsusuri** |
|---|---|---|
| *Instrumental* | "Gusto ko sanang mag-engineer" **(Sipi mula DKD_02)**<br><br>"Gusto ko maipakain ko sa mga anak ko ang bigas at karne" **(Sipi mula DKD_37)**<br><br>"Nais kong tulungan si Nanay at Tatay **(Sipi mula DKD_36)** | Sa pagsusuri ng mga pahayag na ito nakikitaan ito ng *instrumental* na katangian. Malinaw na ang salitang "gusto" ay nagsasabi ng pangangailangan, layunin o hangarin ng isang tao. |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | "Gusto po naming mag-aral" **(Sipi mula DKD_27)** | |
| *Regulatory* | "Dapat galingan mo pa sa school" **(Sipi mula DKD_08)**<br><br>"Tika! Tika! Ate pinatay niya" **(Sipi mula DKD_23)**<br><br>"Wag sasabihin kahit kanino" **(Sipi mula DKD_07)** | Sa pagsusuri sa tatlong dokumentaryo makikita ang mga salitang "dapat, tika, at wag" na malinaw na nagpapakita o nagbibigay ng utos o magkontrol ng kilos at pag-uugali ng ibang tao. |
| *Interactional* | "Kamusta kana" **(Sipi mula DKD_01)**<br><br>"Magandang araw po Nay!" **(Sipi mula DKD_33)**<br><br>"Hi Nay, Kamusta po?" **(Sipi mula DKD_39)** | Sa pagsusuri ginagamit ang salitang "kumusta at magandang araw", upang simulan ang isang komunikasyon, ito ay nagpapakita ng respito at malasakit sa ibang tao na nagpapanatili ng magandang pakikitungo sa iba. Ang mga ito ay halimbawa ng *Interactional fuction.* |
| *Personal* | "Nagtitis po yung mga bata, hirap na hirap ko ditto ma'am"**(Sipi mula DKD_15)**<br><br>"Akala ko po noon ma'am walang karapatan mag-aral ang mga agta" **(Sipi mula DKD_20)**<br><br>"Subrang mahirap po dito" **(Sipi mula DKD_22)** | Sa mga dokumentaryong sinuri ito ay nakikitaan ng *personal fuction* sapagkat ginamit ang salitang "nagtitis, akala ko, at mahirap", upang ipahayag ang sariling damdamin, karanasan at pananaw ng taong tampok sa kwento. |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| Heuristic | "Paano po ang pagputol?" **(Sipi mula DKD_11)**<br><br>"Bakit di po pinagamot?" **(Sipi mula DKD_ 34)**<br><br>"Bakit Tulay Pigi?<br><br>**(Sipi mula DKD_38)** | Sa dokumentaryong sinuri mayroong mga pahayag na nakikitaan ng *heuristic fuction*. Ang mga salitang "paano at bakit" ay mga salitang maaaring magtanong, magsiyasat, o maghanap ng impormasyon. |
| Imaginative | "Dilikado ang lugar na papasukan, puno ng kriminal, mga taong di dapat pagkatiwalaan, salot sa lipunan" **(Sipi mula DKD_31)**<br><br>"Yamang iningat- ingatan<br><br>Limang buwang inilagaan at inasahan<br><br>Piro sa huli nakakapanghinayang<br><br>Na itatapon nalang"<br><br>**(Sipi mula DKD_21)**<br><br>"Bukas masusubukan ang tibay nito, sa nagbabanggaang agos at malalaking bato ng ilog Aklan<br><br>**(Sipi mula DKD_36)** | Sa pagsusuri ang tatlong pahayag ay nakikitaan ng paggamit ng *imaginative function* ng wika sapagkat naglalarawan ang mga ito ng isang sitwasyon o damdamin sa malikhaing paraan, sa halip na tahasang ipahayag ang impormasyon. Madalas ginagamit ang metaphor sa mga pahayag at ang paggamit ng tugma ay mababanaag din. |
| | "Ayon sa aming *cabe guide* ang tubig na ito ay patungo sa isa pang *cabe chamber"* **(Sipi mula DKD_18)** | Sa pagsusuri sa mga dokumentaryo ginamit ang salitang "Ayon sa, at sa datos" , upang magbahagi ng mga katotohanan na mahalaga sa |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | |
|---|---|---|
| | "Sa datos sa buong Pilipinas apat naraan lang ang mga *Pychiarist* kumpara sa populasyong *one is to two thousand* ang ratio" **(Sipi mula DKD_05)** | pagpapalaganap ng kaalaman at pag unawa sa paksa mula sa pisikal na katangian ng isang lugar hanggang sa mga isyung panlipunan at kultural. |
| *Representational* | "Ang tribal *council* ay bahagi ng kultura ng maraming katutubo ditto sa Pilipinas. Sila ang naatasang magsulong ng kaayusan sa komunidad" **(Sipi mula DKD_06)** | |

Sa talahanayan 2, makikita ang iba't ibang mensahe at layunin na pangunahing tampok sa dokumentaryo. Ang mga dokumentaryong ito ay naglalaman ng malalim na pananaw at damdaming nagmumula sa iba't ibang aspekto ng buhay at karanasan ng tao. Kasama na dito ang mga katangian ng wika na tumatalakay sa *Instrumental, regulatory, interactional, personal, heuristic, imaginative at representational*, sa bawat dokumentaryo, itinampok ni Kara David ang mga kuwento ng kahirapan, pag-asa, tagumpay at pagmamahal sa pamilya, mga mensahing sumasalamin sa mga pangarap at mithiin ng mga tao sa lipunan. Hindi lamang layunin ng dokumentaryo ni Kara David na magbigay kamalayan at simpatiya kundi magmulat din sa mga manonood na gawing inspirasyon at magsilbing instrumento upang mag-udyok ng aksyon at pagbabago. Sa pamamagitan ng talahanayang ito, masusing makikita at pahalagahan ang makabuluhang papel ng dokumentaryo ni Kara David hindi lamang sa larangan ng pamamahayag, kundi pati narin sa pagbibigay pagbabago at pagpapaunlad ng lipunang Pilipino.

***Instrumental***

Ang *instrumental function* ay tumatalakay sa pagpapahayag ng wika tungkol sa ang wika ay ginagamit upang ipahayag ang mga kagustuhan, pagpili, nais, o pangangailangan. Ito ay nagpapakita kung paano ginagabayan ng wika ang ating araw-araw na pakikipag-ugnayan.

Sa unang halimbawang makikita na nakapaloob sa *instrumental function* ang salitang "gusto", na makikita sa DKD_02. Ang salitang 'gusto' ay nagpapakita ng instrumental na tungkulin ng wika, kung saan ito ay ginagamit upang ipahayag ang mithiin o kagustuhan ng isang tao. Sa dokumentaryo, ang ganitong gamit ay nagbibigay ng personal na tinig sa mga tauhan at tumutulong sa paglalantad ng kanilang mga adhikain sa harap ng mga hamon sa buhay.

"**gusto** ko sanang mag-engeneer." (-DKD_02)

Sa pangalawang halimbawa mababaag ang salitang "gusto" na makikita sa DKD_37. Ang salitang "gusto" ay isang pandiwa na nangangahulugang nais, ibig, o may pagnanasa**.** Ginagamit ito upang tukuyin ang bagay, kilos, o tao na hinahangad ng nagsasalita. Nagsisilbing mabisang kasangkapan ng tao upang ihayag ang kanyang mga hangarin, pangangailangan at intensyon**.**

"**gusto** kung maipakain sa mga anak ko ang kanin at karne."(DKD_37)

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sa pangatlong halimbawa maririnig sa DKD_36 ang salitang "Nais". Malinaw na ang "nais" ay hindi lamang basta nagsasaad ng damdamin ito ay may direksyon isang layunin na nais makamit. Ang taong nagsasalita ay gumagamit ng salita bilang instrumento ng pagkilos kung saan ang wika ang siyang nagsisilbing tulay mula sa intensyon patungo sa aksyon.

"**nais** kong tumulong sa Nanay at Tatay ko po." (DKD_36)

Sa pang-apat na halimbawa maririnig sa DKD_27 ang salitang "Nais" na malinaw na masasabi natin ang salitang "gusto" ay isang instrumental na anyo ng wika, sapagkat ito ay ginagamit bilang kasangkapan upang maisakatuparan ang mithiin ng tao. Sa pamamagitan nito, ang wika ay naging tulay mula sa panloob na pagnanais tungo sa panlabas na pagkilos.

"**Gusto** ko po sanang makapa-aral."(DKD_27)

***Regulatory***

Ang *regulatory function* ng wika ay tumutukoy sa kakayahan nitong magbigay ng utos, gabay, o regulasyon sa pag-uugali o kilos ng iba. Sa pamamagitan ng *regulatory function*, naimpluwensyahan at naitatakda ng wika ang tamang asal at galaw ng mga tao sa isang lipunan. Maaaring gamitin ng mamamahayag ang mga pahayag upang magtalaga ng koneksyon sa tagapanood.

Sa unang halimbawang na napabilang sa *regulatory function* ay ang salitang "Dapat" na makikita sa DKD_08. Ito ay nagtatakda, nag-uutos, o nagbibigay ng panuntunan sa kilos ng isang tao. Sa madaling sabi, ginagamit ang "dapat" upang kontrolin o pamahalaan ang asal o kilos ng kausap batay sa pamantayan, alituntunin, o inaasahang pag-uugali. Ito rin ay karaniwang ginagamit sa mga pormal na pananalita o sulatin na may layuning itaguyod ang kaayusan at pagkakaroon ng disiplina.

"**Dapat** galingan mo pa sa school ha!" (DKD_08)

Sa pangalawang halimbawang dokumentaryo naman ay makikita ang salitang "Tika" na matatagpuan sa DKD_23. Ang salitang "tika" ay maituturing na bahagi ng personal na gamit ng wika. Ang salitang ito ay nagpapakita ng intensyong baguhin ang pananaw, damdamin o aksyon ng tumatanggap ng mensahe.

"**Tika**! Tika! Ate pinatay niya."(DKD_23)

Sa pangatlong halimbawa makikita ang salitang "Wag" na matatagpuan sa DKD_07. Ito ay ang pinaikling "huwag" na isang imperatibong ekspresyon isang utos o pagbabawal. Malinaw nag nagpapakita ito ng *regulatory* na katangian dahil nagtatakda ito ng limitasyon sa dapat gawin ng kausap.

"**Wag** mong sabihin kahit kanino."(DKD_07)

***Interactional***

Ang *interactional function* ng wika ay tumutukoy sa paggamit nito para makipag-ugnayan, magbahagi ng damdamin, at magtatag ng relasyon sa iba. Hindi ito nagbibigay ng impormasyon o utos, kundi naglalayong panatilihin ang sosyal na koneksyon sa pamamagitan ng pagbati, papuri, pakikipagkwentuhan at pagpapahayag ng empatiya.

Sa unang halimbawang napapabilang sa *interactional function* ay ang salitang "Kumusta" na makikita sa DKD_01 na karaniwang pambungad sa usapan. Layunin nitong ipakita ang malasakit o interest sa kapwa kahit hindi talaga inaasahang detalyadong sagot. Ito ay ginagamit hindi upang maghatid ng

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

bagong impormasyon kundi upang panatilihin o simulant ang ugnayang sosyal sa pagitan ng mga taong kausap

"Makalipas ang ilang taon ito na si Raquel ngayon! **Kamusta** kana? Ang laki-laki muna." (DKD_01)

Sa pangalawang halimbawa makikita sa DKD_33 ang salitang "Magandang araw po". Ginagamit ito upang simulan ang komunikasyon sa magalang at magiliw na paraan. Ito ay isang nakasanayang lingguwistikong ekspresyon na inaasahan sa lipunan. Samakatuwid, ito ay nagpapatibay sa sosyal na koneksyon ng mga kalahok sa usapan.

"**Magandang araw po** Nay!" (DKD_33)

Sa pangatlong halimbawang makikita ang salitang "Hi" at "Kamusta" na nakapaloob sa DKD_39. Ginagamit ang mga salitang ito upang ipakita ng tagapagsalita na interesado siya sa kanyang kausap. Ang mga salitang gamit upang panatilihing bukas at aktibo ang ugnayan.

**"Hi** Nay, **Kamusta** po kayu?" (DKD_39)

***Personal***

Ang personal function ng wika ay tumutukoy sa paggamit nito upang ipahayag ang sariling damdamin, opinyon, at personal na karanasan ng isang tao. Ginagamit ito para maipadama ang indibidwal na perspektibo, emosyon, o saloobin. Maaari itong gamitin ng mamamahayag upang maipakita ang tunay na esensya ng dokumentaryo.

Inilahad sa unang halimbawa ng personal function ang salitang "Nagtitiis" at "Hirap na hirap" ipinahayag ang personal na damdamin at empatiya ng nagsasalita tungkol sa sitwasyon ng mga bata. Ipinapakita nito ang sariling pagmamalasakit at pakikiramay ng indibidwal sa kanilang paghihirap. Ginagamit ang mga ito upang ipahayag ang damdamin, saloobin, at personal na karanasan ng nagsasalita.

"**Nagtitiis** po yung mga bata,**hirap na hirap** po dito sa amin ma'am."(DKD_15)

Inilahad sa pangalawang halimbawa ng *personal function* ang salitang "Akala ko", na makikita sa DKD_20, ipinahahayag nito ang personal na paniniwala, haka-haka, o dating kaalaman ng nagsasalita. Dito, inilalantad ng indibidwal ang kanyang sariling persepsyon o maling akala tungkol sa isang na nagmumula sa impluwensya ng lipunan. Ang pahayag na ito ay naglalarawan ng personal na pag-unawa ng nagsasalita, na maaaring baguhin o ituwid sa pagtatagpo ng mga bagong kaalaman. Ito ay ginamit upang magpahayag ng iniisip o pinaniniwalaan ng tagapagsalita.

"**Akala ko** po noon ma'am walang karapatan mag-aral ang mga Agta."(DKD_20)

Inilahad sa pangatlong halimbawa ang salitang "Subrang hirap", nagpapahayag ito ng sariling emosyon at karanasan ng nagsasalita. Ipinapakita nito ang kanyang indibidwal na perspektibo at reaksyon sa kanyang kapaligiran. Sa pamamagitan ng pahayag na ito, naibabahagi niya ang kanyang personal na pagsubok, na naglalarawan ng personal na ugnayan sa kanyang sitwasyon. Ginagamit bilang pananda ng damdamin, opinyon o karanasan.

"Kung ako ang tatanungin po, **Subrang hirap** po dito." (DKD_22)

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

***Heuristic***

Ang *heuristic function* ng wika ay tumutukoy sa paggamit nito para magtanong, magsiyasat, at matuto tungkol sa kapaligiran. Ginagamit ito upang makakuha ng impormasyon. Sa esensya, layunin nitong mapalago ang pang-unawa at makatuklas ng mga sagot sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsasaliksik.

Inilahad sa unang halimbawa ng *heuristic function* ang salita na "Paano" na makikita sa DKD_11, ginagamit ito upang matuto at maunawaan ang isang bagay, na nagpapakita ng pag-usisa at pagnanais na magkaroon ng kaalaman. Sa esensya, ang heuristic function ay nakatuon sa pagtuklas sa pamamagitan ng pagtatanong o pagsisiyasat. Ito rin ay nagpapahayag ito ng personal na kalagayan o damdamin tulad ng pagkalito, takot o lungkoy.

"**Paano** po ba ang pagputol nito?" (DKD_11)

Inilahad sa pangalawang halimbawa ng *heuristic function* ang salitang na "Bakit" na makikita sa DKD_34. Ito ay nagpapahayag ng paggamit ng wika bilang instrumento sa pagtuklas ng sanhi o dahilan sa isang partikular na sitwasyon. Ipinapakita nito ang paggamit ng wika para sa intelektwal na pag-unawa at paglilinaw sa isyu. Isang tanong na ginagamit upang alamin ang dahilan ng isang bagay.

"**Bakit** hindi nyo na po pinagagamo o pinatingnan sa doctor?" (DKD_34)

Inilahad sa pangatlong halimbawa ng heuristic function ang salitang "Paano" ipinapahayag nito ang layuning mapalitaw ang kasaysayan na nag-udyok ng pag-iisip at balikan ang nakaraan na maaaring magkaroon ng panibagong kaalaman mula sa pang-uusisa nito.

"**Paano** po na ang naging tawag na ay Tulay Pigi?" (DKD_38)

***Imaginative***

Ang imaginative function ay isa sa mga tungkulin ng wika na ginagamit upang ipahayag ang malikhaing kaisipan o imahinasyon ng isang tao. Sa pamamagitan nito naipapakita ng nagsasalita o manunulat ang kanyang kakayahang lumikha ng mga kuwento, tula, dula o iba pang anyong sining. Madalas itong ginagamit ng mga bata sa kanilang paglalaro gaya ng pag-angkin ng ibat ibang papel pati narin sa mga gawaing malikhaing gawain ng matatanda gaya ng pagsulat o paggawa ng skrip. Sa madaling salita, ito ay daan upang mailabas ang malikhaing damdamin at ideya ng isang tao gamit ang wika bilang kasangkapan sa pagbuo ng mga bagong realidad na bunga ng kanyang pag-iisip at imahinasyon.

Sa unang halimbawa mababanaag ang salitang "Salot sa lipunan" na makikita sa DKD_31. Hindi naman talaga salot tulat ng sakit o peste ang mga tao ngunit ginamit ang matalinghagang pahayag upang lumikha ng imaheng dramatiko at emosyonal. Ito ay nagpapakita ng paggamit ng wika upang ipinta ang isang eksena sa isip ng tagapakinig na isang mahalagang katangian ng imaginative function.

"Dilikado ang lugar na papasukan, puno ng kriminal, mga taong di dapat pagkatiwalaan, **salot sa lipunan." (**DKD_31)

Sa pangalawang halimbawa makikita ang pahayag na "itinapon na lang" na makikita sa DKD_21. Ito ay nagpapakita ng dramatikong pagpapahayag ng kawalan ng halaga sa isang bagay na dati ay pinapahalagahan, ito'y isang matalinghagang anyo ng pagkabigo.

"Yamang iningat- ingatan, limang buwang inilagaan at inasahan piro sa huli nakakapanghinayan na **itatapon nalang.**" (DKD_21)

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sa pangatlong halimbawa makikita ang pahayag na “nagbabanggaang agos at malalaking baton g ilog Aklan” na matatagpuan sa DKD_36. Ang metaporikal na wika ay nagtulak sa pahayag bilang bahagi ng imaginative function na lumikha ng matinding larawan ng pagsubok at panganib. Sa ganitong paraan hindi lamang impormasyon ang ipinapahayag kundi isang emosyonal at malikhaing pag-unawa sa darating na karanasan.

“Bukas masusubukan ang tibay nito, Sa **nagbabanggaang agos at malalaking bato ng ilog Aklan**.” (DKD_36)

***Representational***

Ang *representational language function* ay ang paggamit ng wika para magbahagi ng mga tiyak na impormasyon, datos, o katotohanan. Layunin nitong maghatid ng maliwanag at obhetibong kaalaman, gaya sa balita, ulat, o mga eksplanasyon. Ito ay direktang paglalahad ng impormasyon ng walang opinyon o emosyon.

Inilahad sa unang halimbawa ng *representational function* ang pahayag na “Ayon sa” na makikita sa DKD_18, ipinahahayag ang pagtukoy sa awtoridad at paglalarawan ng direksyon ng tubig upang magbigay kaalaman ng malinaw at may batayan.

“**Ayon sa** aming *cabe guide* ang tubig na ito ay patungo sa isa pang *cabe chamber.”* (DKD_18)

Inilahad sa pangalawang halimbawa ng *representational function* ang salitang “Sa datos” na makikita sa DKD_05, ipinahayag ang tunay at tiyak na datos tungkol sa bilang ng mga psychiatrist sa Pilipinas. Walang opinyon o interpretasyon ang inilahad ang pokus ay purong paglalahad ng katotohanan para sa kaalaman ng publiko o tagapanood.

“**Sa datos** ng Pilipinas apat naraan lang ang mga *psychiatrist* kumpara sa populasyon na *one is to two thousand ang ratio.”*(DKD_05)

Inilahad sa pangatlong halimbawa ng *representational function* ang pahayag na “Ang *tribal council* ay bahagi ng kultura ng maraming katutubo dito sa Pilipinas” ito ay makikita sa DKD_06. Ginagamit nito ang mga paktwal na mensahe upang magbigay liwanag sa isang partikular na aspeto ng kultura, ang pokus nito ay ang paglalahad ng kaalaman para sa higit na pag-unawa ng manonood.

“**Ang *tribal council* ay bahagi ng kultu maraming katutubo dito sa Pilipinas**. Sila ang naatasang magsulong ng kaayusan sa komunidad.” (DKD_06)

## KONKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang mga dokumentaryo ni Kara David ay gumagamit ng iba’t ibang *documentary modes gaya ng expository, participatory, observational, reflexive, poetic, at performative* upang maipahayag hindi lamang ang katotohanan kundi pati ang masalimuot na karanasan ng mga mamamayan sa lipunan. Kaakibat nito, ang wika ay hindi lamang daluyan ng impormasyon kundi isang makapangyarihang kasangkapan ng komunikasyon na tumutugon sa pitong tungkulin ng wika na inilahad ni Halliday; *instrumental, regulatory, interactional, personal, heuristic, imaginative, at representational.*

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Ang pagsasanib ng wika at *mode* ay naging epektibong pamamaraan upang maisakatuparan ang layunin ng dokumentaryo, ang magmulat ng isipan, magpaliwanag ng katotohanan, mag-udyok ng empatiya, at higit sa lahat, magtulak ng positibong aksyon. Sa paggamit ng anim na *modes*, lalong pinatindi ang interaksyon ng *filmmaker* sa mga tauhan, na nagpapatingkad sa pagiging totoo at makatao ng dokumentaryo. Higit pa sa pagbibigay ng datos, ang dokumentaryo ay naghahatid ng buhay na salaysay na nagtutulak sa manonood na magnilay, magtanong, at tumugon nang may masusing pag-unawa. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng makabuluhang ambag sa larangan ng media studies, dahil ipinapakita nito kung paano nagiging mabisang midya ng edukasyon, inspirasyon, at panlipunang pagbabago ang dokumentaryo sa tulong ng wika bilang tagapagdala ng layunin, damdamin, at pagkilos.

Gayunpaman, hindi naging madali ang proseso ng pananaliksik, dahil dito kinakailangang magsagawa ng masinsinang pagsusuri at maingat na pag-aanalisa upang maiwasan ang anumang pagkakamali at matiyak ang katumpakan ng kinalabasan ng pag-aaral. Sa sandaling iyon aking napagtanto na ang ganitong klaseng pananaliksik ay nangangailangan ng mahabang pasensya at matinding determinasyon upang maisagawa ito ng tama at maayos. Sa kabila ng mga gabing kinakailangan kong piliin ang pananaliksik kaysa tulog at ang kape kaysa tubig, nanatili akong masigasig dahil sa tiwala kong may kabuluhan ang ambag ng pag-aaral na ito. Naisakatuparan ko ang tunguhin kong pagbutihin ang pananaliksik na ito sa tulong at paggabay ng aking tagapagpayo at ng lahat ng mga taong naging parte ng mahabang pakikibaka na ito.

## MGA SANGGUNIAN


Biber, D., Conrad, S., & Reppen, R. (1994). Corpus-based approaches to issues in applied linguistics. Applied linguistics, 15(2), 169-189.https://doi.org/10.1093/applin/15.2.169

Borum Chattoo, C., & Jenkins, W. (2019). From reel life to real social change: The role of contemporary social-issue documentary in US public policy. Media, Culture & Society, 41(8), 1107-1124.https://doi.org/10.1177/0163443718823145

Brandenburg-Weeks, T., & Abalkheel, A. M. (2021). The Giver: A Corpus-Based Analysis of Word Frequencies. 3L, Language, Linguistics, Literature, 27(3), 215-227.http://doi.org/10.17576/3L-2021-2703-14

Brodsky, A. E., Buckingham, S. L., Scheibler, J. E., & Mannarini, T. (2016). Introduction to qualitative approaches. Handbook of methodological approaches to community-based research: Qualitative, quantitative, and mixed methods, 13-22.

Das, S. S. (2019). Documentary films Creating narratives of social change through factual storytelling. International Journal of Communication and Media Studies (UCMS), 9, 1–8.

Delos Santos, M. C. (2018). Ang Jorno sa Gabi: Karanasan ng mga TV Field Reporter sa Pagkalap ng Balita sa Dilim ng Maynila. Malay Journal, 31(1), 3.

Halliday, M. A. K. (1973). Explorations in the functions of language. London: Edward Arnold.

Interviews with M.A.K. Halliday / Martin, J. R. - London: Bloomsbury Publishing, 2013 - 256 p. - ISBN: 9781441110312 - Permalink: http://digital.casalini.it/9781441110312 - Casalini id: 5204697



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Klingsieck, K.B., Grund, A., Schmid, S., & Fries, S. (2013). Why Students Procrastinate: A Qualitative Approach. Journal of College Student Development 54(4), 397-412. https://dx.doi.org/10.1353/csd.2013.0060.

Majima, S., & Moore, N. (2009). Introduction: Rethinking qualitative and quantitative methods. Cultural Sociology, 3(2), 203-216.

Matthiessen, C. M., & Halliday, M. A. K. (2009). Systemic functional grammar: A first step into the theory.

Nash, K. (2014). Clicking on the world: documentary representation and interactivity. In New documentary ecologies: emerging platforms, practices and discourses (pp. 50-66). London: Palgrave Macmillan UK. https://doi.org/10.1057/9781137310491_4

Nichols, B. (1983). The Voice of Documentary. Film Quarterly, 36(3), 17–30. https://doi.org/10.2307/3697347

Nichols, B. (2000). 15 THE FACT OF REALISM AND THE FICTION OF OBJECTIVITY. In Post-war Cinema and Modernity: A Film Reader (pp. 188-207). Edinburgh: Edinburgh University Press. https://doi.org/10.1515/9781474471473-018

Nichols, B. (2012). "Getting to know you…": knowledge, power, and the body. In Theorizing documentary (pp. 174-191). Routledge.

Nichols, B. (2017). Introduction to documentary (3rd ed.). Indiana University Press.

Okamoto, M. (2015). Is corpus word frequency a good yardstick for selecting words to teach? Threshold levels for vocabulary selection. System, 51, 1-10. https://doi.org/10.1016/j.system.2015.03.004

Otis, K., & Sagi, E. (2008). Phonaesthemes: A corpus-based analysis. In Proceedings of the Annual Meeting of the Cognitive Science Society (Vol. 30, No. 30).

Plantinga, C. (2005). What a documentary is, after all. The Journal of aesthetics and art criticism, 63(2), 105-117.

Rahman, M. Z., & Ferdous, N. (2024). Role of Misinformation and Hate Speech on Social Media in Communal Violence: The Indian Context. ASEAN Journal of Research, 2(1). retrieved from https://so03.tci-thaijo.org/index.php/KMR/article/view/270184

Roller, M. R. (2016) Qualitative data analysis.

Santos-Bulaong, M. (2017). Analisis sa Paggamit ng Wika sa Pagbabalita sa Telebisyon: Tungo sa Pagbuo ng Tuntuning Pangwika sa Filipino. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 23(1-2).

Savage, A. M. (2019). The Act of Documenting: Documentary Film in the 21st Century.https://doi.org/10.1080/01439685.2018.1543239

Shimoda, J., Toriida, M. C., & Kay, D. W. (2016). Improving Learning Outcomes: Creating and Implementing a Specialized Corpus. Perspectives (TESOL Arabia), 24(1).

Sinnerbrink, R. (2020). Truths in Documentary. The European Legacy, 25(7–8), 852–858. https://doi.org/10.1080/10848770.2019.1708060

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sy, M. P., Carrasco, R., Peralta-Catipon, T., Yao, D. P., Dee, V., & Ching, P. E. (2023). Shedding light on hidden Filipino occupations as portrayed by mass media and scholarly resources: A critical interpretive synthesis. Journal of Occupational Science, 31(2), 234–250. https://doi.org/10.1080/14427591.2023.2182348

Terry, M. (2020). Methods and Approaches to Documentary Influence. In: The Geo-Doc. Palgrave Studies in Media and Environmental Communication. Palgrave Macmillan, Cham. https://doi.org/10.1007/978-3-030-32508-4_3

Toriida, M. C. (2016). Steps for creating a specialized corpus and developing an annotated frequency-based vocabulary list. TESL Canada Journal, 34(1), 87-105.

Wang, B., & Ma, Y. (2022). Introducing M.A.K. Halliday (1st ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781003166696

Wong, W. K., Cheung, S. O., Yiu, T. W., & Pang, H. Y. (2008). A framework for trust in construction contracting. International Journal of Project Management, 26(8), 821–829.https://doi.org/10.1016/j.ijproman.2007.11.004

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.